A total of 93 participants the Information, Education and Information (IEC) for the New Quarry Project of Rapid City Realty and Development Corporation, it is consists of 68 women and 25 men.

The program was attended by the Local Government Units, NGO's, different sectoral community organizations and stakeholders.

### **Program Flow**

The activity started with a prayer from one of the Barangay Kagawad and an opening remarks from Barangay Captain Jhanda Sto Domingo, followed by the discussion of EIA process by Engr. Paulo Noni Tidalgo and the presentation of the project presented by Engr. David Pagalilauan.

During the open forum, residents raised their concerns for the said project. Some of the issues raised were listed below. For the detailed discussion, attached is the transcription for the open forum – Annex 1.

<b>Issues</b>	<b>Name of Persons who raised the issue</b>	<b>Response</b>
So saan po ba talaga ang inyong isusunod na ikuquarry?	<b>Dominador San Diego</b>	<b>Engr. David Pagalilauan:</b> Hello sir, tulad ng presentation ko po kanina, bale yung susunod po na ikuquarry ay yung likod po ng present na quarry naming tsaka doon po sa may bandang harap.
Ito ba ay makakapagbigay ng trabaho dun po sa mga mahihirap na katulad po namin,	<b>Barbara Toribiano</b>	<b>Engr. Paulo Noni Tidalgo:</b> Ang maganda pong ano nito is ayon po sa batas, ang isang kompanya

Issues	Name of Persons who raised the issue	Response
yung kalalakihan ba o kababaihan, kung ilan po ba ang pwede ninyong kunin sa amin sa trabaho kasi kami po ay mga mahihirap at wala pong permanenteng trabaho.		po, sa mining po kasi, required po yan, na ang una niyang titingnan para sa mga employment nung kanyang proyekto is yung qualified residence po dun sa ating host barangay, so may mga ibang proyekto din po kaming nahawakan ano po, na pagka lets say yung ating host barangay ay hindi pa ganun ka skilled so pwede po natin, kasi po pag natuloy po ito, may programa siya na tinatawag nating SDMP yung Social Development and Management Plan so pwede po natin dun, during programming at tsaka planning nun, kinukunsulta po kasi para po sa inyo yun e, so kung sa tingin nyo po anong mga skills na kailangan pwede niyong ipropose dun as a training, bubudgetan po yun nung 1.5% nung galing sa operating cost nila, so pwede po yun. Dapat actually, hindi pwde, dapat po ganun at yun po ang sinasabi nung batas.
Ano po ba yung maganda nating solusyon o programa para maingatan po yung mga estudyante natin dito na madadaanan ng mga sasakyang dito at yung over speeding po minsan yung mga trucks na dumadaan na magbibigay po ng	Brgy. Kagawad	<b>Engr. Nestor Hubac:</b> Bilang pagtungon sa mga concern ng mga tao dito lalo na sa mga bata ay naglagay po kami ng isang karatula diyan na medyo marahan ang takbo, may mga batang tumatawid bukod pa roon meron tayong dalawang

Issues	Name of Persons who raised the issue	Response
delikado o posibleng aksidente, dito po sa mga estudyante, hindi lang po sa mga estudyante kundi din po sa mga mamayan dito		traffic aide na nagbabantay dito na pinapasahod ng Rapid City, sa pamamagitan ng barangay, ang barangay po ang magsusupervise doon, pangatlo, binabawal natin ang pagbyahe ng truck mula alas onse ng umaga hanggang ala una ng hapon. Sa mga ganung oras labasan ng bata, papasok yung second shift, pagbabawal natin yung pagbabahe ng mga truck. Lahat ng truck kahit hindi truck ng Rapid, pang-apat, naglalagay po ako ng karatula doon, may ordinansa ang bayan ng Teresa na meron speed limit ang mga truck dito, subalit may mga pilosopo, matulin mga taga Teresa pa, so ang direksyon ko, may camera naman yung traffic aide kuhanan niyo na lang nang picture yung matulin at susumbong natin kay mayor kasi nakipagkasundo kami kay mayor na tutulong kami sa pag ayos ng traffic dito at sa safety ng mga bata.
Sa tagal ko dito walang kumukonsulta sa aking taga Rapid, kung ano ang nagiging problema ng paaralan, tama po ba? Ilan po ang estudyante namin? 1500 plus, ok po? Narito na rin naman kayo, tingnan niyo ang mga dumaraan, una yung ingay ng	Elementary Principal	Engr. David Pagalilauan: Maraming salamat po sir, Icoconsider po namin yung mga naiminungkahi ninyo at siguro one of this days si Rapid City ay pupunta po sa inyo lalong lalo na po ang aming ComRel na si Armando Rutaquio, ang gusto lang naming ipahiwatig sa

Issues	Name of Persons who raised the issue	Response
truck, may nagreport ba sa na ingay ng truck ay nakakaapekto sa pag aaral ng bata? Meron o wala? Pangalawa, nakikita niyo ang mga truck ninyo walang mga takip sa ibabaw, pangatlo yung safety na sinasabi niyo hindi nagrereport sa akin yung inassign ninyo e, kaya hindi ko po kilala bilang principal. Tama po ba? Hindi po nag rereport sa akin, kaawa na yung mga estudyante ko sa alikabok oh, pang apat nag inspect ba yung mga kuwan ng Rapid? May kasama bang other agency? Wala, kayo lang din ang nag iinspect hindi kayo nag konsulta ng isang agency na kung saan mag mimiddle sya, kung ako ang ahensya ng isang gobyerno, kung ano ang findings ko yun ang irereport ko, hindi yung tao ko ang magrereport ng mga problema, tama po?		ngayon ay, opo nacoconsider po namin na yung kalsada po na to ay kailangan po namin magkaroon ng safety measures, ang Rapid City po commitment niya po yun, gusto lang po namin na ipamahagi, alam po natin na yung Pantay Buhangin ay kumukonekta mula Teresa hanggang Marcos Highway di po ba? So parang national road na po to e. Datapwat, gusto man po naming na ilagay sa ayos itong lahat ay gagawin namin, siguro kalahati ng dumadaan o kulang naman sa kalahati siguro ay nanggagaling sa Rapid City, nakikita po sa amin ang responsibilidad pero yung karamihan po diyan, alam po nating na sa ibang lugar po nanggagaling ang mga dumadaan pero none the less po, maraming salamat at naiparating niyo sa amin at yun nga po iconocommit namin na ang aming community relation officer ay pupunta po sainyo sir.
Gaano po ba kayo mabilis tumakbo, kasi yun po ay hindi pwedeng mabilis.	<b>Resident 1</b>	<b>Engr. Nestor Hubac:</b> So ang limitasyon diyan ay 10km/hr po. Pag walang laman 20 km/hr.
Nais ko pong malaman kung ano naman po ang programa	<b>Jason R. Velgado</b>	<b>Engr. David Pagalilauan:</b> Sa ngayon po sir, sa present

Issues	Name of Persons who raised the issue	Response
para sa tumatakbung tubig pagdating ng tag-ulang.		operation namin, actually kinocontain na po namin lahat ang tubig within po doon sa quarry namin, naglalagay po kami ng mga siltpond pero para dito sa project po na'to, sinasama pa din po doon sa study kung saan talaga tumatakbo yung mga tubig at pagdating dun, isasama po doon sa quarry design kung saan naming patatakbuhin yung tubig na hindi rin po makakaapekto sa inyo.
Isa pa po, bilang representative naman ng mamamayan dito sa Pantay, dahil dito rin po ako nakatira, ang naging concern lang po natin yung kalsada, ngayon pano po ang mga alikabok na pumupunta sa bawat bahay hindi lang po sa eskwelahan kundi pati yung mga bahay?	<b>Jason R. Velgado</b>	<b>Engr. Nestor Hubac:</b> Yun nga po, sa akin lang pananaw mas epektibo siguro yung wawalisan na lang natin kesa didiligan natin.
Yun pong sinasabi ko po na pagyanig pag may blasting kasi meron pong mga kabahayan dito na naapektuhan na nagkakaroon ng crack ang bahay, ano po ang maaaring solusyon niyo sa ganung problema.	<b>Brgy. Captain Jhanda Sto Domingo</b>	<b>Engr. David Pagalilauan:</b> Yun nga po mam, yung ibang naapektuhan talaga naming, noon ay nagkakaroon po ng pag uusap yun at nagkakaroon din po ng settlements sa ngayon po hanggaat maari inaavoid namin ang magkaroon ng damages.
Ako po Si Ginoong Marieto San	<b>Marieto San Buenaventura</b>	<b>Engr. David Pagalilauan:</b>

Issues	Name of Persons who raised the issue	Response
Buenaventura isa pong administrator ng barangay ano po, ang atin pong pinag uusapan dito ay yung bago ninyong bubeksan subalit nakakahalo na yung nag ooperate di po ba? Ngayon, tatlong stage ang pinag uusapan natin dito, yung development, production and rehab, dun po ako sa rehab meron na po ba kayong nakahandang programa? Open pit po kasi ito e, hindi po ba? itong kasalukuyan.		Kasalukuyan pong nirereview ng MGB yung sinumbit naming na Final Mine Decommissioning and Rehabilitation Plan so yun po, yun ang programa na inimplement po namin. So ang tinitingnan po naming, ganun din po, yung susunod na project namin, gagawan din po namin ng Final Mine Rehabilitation



## **ANNEX 1 – Barangay Dalig IEC Open Forum**

## OPEN FORUM

**Dominator San Diego:** Ako po si Dominator San Diego, Non-Government Organization, member din po ako ng monitoring team, Magandang umaga po sa ating lahat ang akin pong katanungan, nakalagay po dito, Sitio Sumilang san po ba itong Sitio Sumilang? Barangay Dalig po ba ito?

**Thomas Victorio Tañedo:** Ang Sitio Sumilang po ay sa barangay San Jose po yan.

**Dominator San Diego:** Bakit Sitio Sumilang po ang nakalagay dito?

**Thomas Victorio Tañedo:** Yan po ay sulat sa kabilang po ito, nagkamali lang po. Hindi lang po nabago, typographical error lang po.

**Dominator San Diego:** So saan po ba talaga ang inyong isusunod na ikuquarry?

**Engr. David Pagalilauan:** Hello sir, tulad ng presentation ko po kanina, bale yung susunod po na ikuquarry ay yung likod po ng present na quarry naming tsaka doon po sa may bandang harap.

**Dominator San Diego:** Sa kabilang ng mansion.

**Engr. David Pagalilauan:** Opo dun po. Yung sa kabilang po.

**Dominator San Diego:** Akala ko kasi dito, hindi pala.

**Engr. David Pagalilauan:** Meron po, May plano na rin ho diyan sir.

**Dominator San Diego:** Yung ibabaw ng lupa ay sa tao, yung sa gobyerno yung sa ilalim so yun bang ikaquarry niyo na area ay nabili niyo o may ibang tao na nakaposisyon?

**Engr. David Pagalilauan:** Yung sa lahat po nung ikuquarry namin, karamihan po dyan, sa Rapid City na ho yan sir.

**Dominator San Diego:** So yung iba, pano kung halimbawa may taong nakaposisyon, pano ba ang sistema ng inyong bayaran doon sa ganun?

**Engr. David Pagalilauan:** Sir usually ang ginagawa ni Rapid City binibili nya po yung mga area na may nakaposisyon po.

**Cesar Buenaventura:** Magandang umaga po, bilang representative po ng halos. Ito po ay sa barangay ano po, kami po ay nagpapasalamat, ang hatid niyo sa amin ay kaunluran sa totoo lang po pag po may mga ganyang aktibidades lalo na po yung quarrying, yan po ay syempre kung baga ay masasabi nating karagdagang na tulong sa barangay kung sakaling kayo man ay matuloy di ba? So kami naman sa sector namin sa aming pagkakaunawa, ako nga po pala ako ay hindi pa nagpapakilala ako po si Cesar Buenaventura isang taga Teresa Marble dati po, kaya alam ko po yang sinasabi ninyong MGB, MPSA nabasa ko nga po sa dyaryo hindi ko po nabasa ang inyong pangalan e, yung Rapid City. Ang Teresa Marble po ay isa sa binigyan ng lisensya ng MGB sa pag kuquarry dito po sa Teresa Rizal at sa Antipolo Rizal ,kaya kami po kaya alam ko po yun. Kaya tama po ang sinabi ninyo kanina hindi po ako nagtatanong, tama po yung kanilang sinasabi na iniwan niyo po iyan kung sakali na magbukas na kayo kumbaga nakapagpatuloy na kayo sa operasyon ,on going kung sakaling isarado ninyo, pakiusap po ng taong bayan, sana po kayo ay maging responsable na nagmimina dahil sa totoo lang, ang Teresa Marble po bago po umalis, halimbawa po may nasira silang kalikasan, yan po, lalo na po tungkol sa mga kahoy, yung mga kahoy na ganyan ang sinisira nila. Pinapalitan po yan, halimbawa po may naputol na ganun, pinapalitan po yan ng sampung beses sa isang puno, ganun po ang responsible mining at yun pong tinatawag na waste materials ng Teresa Marble di po ba yan e nilalagari e di syempre may waste, ibinabalik po yan sa bundok at para siya ay maging, kung baga patubo na din ng mga halaman mga kung anu-anong dun para tumibay. And yun nga po na sinasabi naming na responsible mining kaya nagpapasalamat po kami sa inyo sa Rapid City dahil ang hatid po ninyo kung sakaling ito ay matuloy ay kaunlaran. Salamat po.

**Barbara Toribiano:** Ako po si Barbara Toribiano, nagpresent po ng pantawid po, samahan po ng mga mahihirap dito sa Barangay Dalig po, ang akin pong katanungan ay since na itong Rapid po ay isang kompanyang malaki, nagkakaroon po siya ng production, ang akin pong katanungan ito ba ay makakapagbigay ng trabaho dun po sa mga mahihirap na katulad po namin, yung kalalakihan ba o kababaihan, kung ilan po ba ang pwede ninyong kunin sa amin sa trabaho kasi kami po ay mga mahihirap at wala pong permanenteng trabaho. Salamat po.

**Engr. Paulo Noni Tidalgo:** Ang maganda pong ano nito is ayon po sa batas, ang isang kompanya po, sa mining po kasi, required po yan, na ang una niyang titingnan para sa mga employment nung kanyang proyekto is yung qualified residence po dun sa ating host barangay, so may mga ibang proyekto din po kaming nahawakan ano po, na pagka lets say yung ating host barangay ay hindi pa ganun ka skilled so pwede po natin, kasi po pag natuloy po ito, may programa siya na tinatawag nating SDMP yung Social Development and Management Plan so pwede po natin dun, during programming at tsaka planning nun, kinukunsulta po kasi para po sa inyo yun e, so kung sa tingin nyo po anong mga skills na kailangan pwede niyong ipropose dun as a training, bubudgetan po yun nung 1.5% nung galing sa operating cost nila, so pwede po yun. Dapat

actually, hindi pwde, dapat po ganun at yun po ang sinasabi nung batas. And yung Rapid po matagal na po silang nag ooperate and im sure po na ginagawa din po nila yun, so idagdag ko lang din aside from programa doon sa socio, may programa din po yan sa environment, sa safety at yun nga po sa environment natin, dalawang programa ang iniimplement yung tinatawag namin siyang EPEP, Environmental Protection and Enhancement Program ito yung programa natin na habang nag ooperate ito yung iniimplement na programa so kasama ho diyan ang LGU kasama ang NGO sa pagmomonitor, so may mag magmomonitor dito. Tapos pagkatapos mag operate may another program na kailangan gawin at pondohan ng kompanya ito yung FMRDP tinatawag namin siyang Final Mine and Rehabilitation and Decommissioning Plan so kung tapos na ang kompanya kunwari ngayong taon tapos na siya mag mina, ang requirements po nang batas sa loob po ng susunod na 10 taon irehab na yung area hindi niya pwedeng bitawan yun at ang kainaman nito, yung pondo sa pag rehab na yun, dineposito nya na, habang nag ooperate siya dineposit niya na. At itong mga proyektong requirements ng batas natin ang active participation po ng ating komunidad o stakeholders ay iniencourage kaya magiging member po kayo ng MRFC o MMT para at least makita niyo rin po kung ano ang ginagawa nung, kung baga nakaagapay din sa pag, hindi naman sa pagbantay, pag ayos sa pagsunod na naaayon sa batas para doon sa proyekto.

**Brgy. Kagawad:** Magandang umaga engineer, tanong ko lang po sir, magbubukas po kasi tayo ng bagong quarrying dito sa area ng Dalig, ang tanong ko po, sir paano ba natin mabibigyan ng solusyon yung volume ng mga trucks na naman na dadaan dito sa ating lugar sa ating kasaldahan na magbababaybay po, dito po sa ating mga paaralan na ating nadadaanan, na marami pong estudyante, ang akin pong tanong, ano po ba yung maganda nating solusyon o programa para maingatan po yung mga estudyante natin dito na madadaanan ng mga sasakyang dito at yung over speeding po minsan yung mga trucks na dumadaan na magbibigay po ng delikado o posibleng aksidente, dito po sa mga estudyante, hindi lang po sa mga estudyante kundi din po sa mga mamayan dito na laging naghihintay, nagsusundo, sa mga motorista ang aming lugar, so ang solusyon po kasi ay minsan ay nagiging problema at yung karagdagang alikabok na naman na pumapasok sa bawat rooms, sa mga classrooms na nagiging problema din po mga ating kaseskuelahan, hindi lang po sa eskwelahan kundi sa mga bahay, kabahayan sa lugar na ito, dito sa Pantay, so akin pong tinutukoy sir sana matulungan niyo rin po kami, ang aming lugar kung paano masolusyon yung ganitong problema na sa araw-araw ay yan ang kanilang na eengkwentro at yung pagkahabala dun sa mga dumadaang trucks dito sa ating barangay. Salamat po.

**Engr. Nestor Hubac:** Ako po ay kasama po sa aking pinangangasiwaan ay safety, bilang pagtungon sa mga concern ng mga tao dito lalo na sa mga bata ay naglagay po kami ng isang karatula diyan na medyo marahan ang takbo, may mga batang tumatawid bukod pa roon meron

tayong dalawang traffic aide na nagbabantay dito na pinapasahod ng Rapid City, sa pamamagitan ng barangay, ang barangay po ang magsusupervise doon, pangatlo, binabawal natin ang pagbyahe ng truck mula alas onse ng umaga hanggang ala una ng hapon. Sa mga ganung oras labasan ng bata, papasok yung second shift, pagbabawal natin yung pagbabayahe ng mga truck. Lahat ng truck kahit hindi truck ng Rapid, pang-apat, naglalagay po ako ng karatula doon, may ordinansa ang bayan ng Teresa na meron speed limit ang mga truck dito, subalit may mga pilosopo, matulin mga taga Teresa pa, so ang direksyon ko, may camera naman yung traffic aide kuhanan niyo na lang nang picture yung matulin at susumbong natin kay mayor kasi nakipagkasundo kami kay mayor na tutulong kami sa pag ayos ng traffic dito at sa safety ng mga bata. Pang lima regular po tayong nagdidilig dito sa kalsada kaso iba iba ang opinyon, pag dinidiligan mo, ayaw ng mga may motor at madudumihan daw ang mga motor nila, mahal daw yung carwash at pangalawa pagbasa na yung kalsada maaaring cause pa ng pagkadulas ng motor nila so saan kami lulugar? Ang ginawa namin naglagay kami ng mga taga walis, walis walis lang tayo sa kalsada hanggaat maaari bawas bawasan natin yung pagdidilig dahil ayaw ng taga dito sa bandang baba, dahil yung tubig galing doon sa itaas papunta rito so nagwawalis tayo, so limang hakbang na ginagawa ng Rapid para masuportahan natin yung concerns ng barangay. At tayo, tulong tulong tayo, pag may nakita tayong mga violator, may mga matulin hindi namin kinukunsinti yan, ang tamang patakbo dapat ay 10km pag loaded ka, pag walang kang laman, mga 20 dito sa lugar na ito. So sana ay nasagot ko po yung concern ninyo.

**Dominator San Diego:** Engineer yun pong mga truck ninyo na nagbbyahe dito sa Pantay, wala pong safety yung ilalim ng truck so yun pong ano ng fan mahina man ang takbo andun pa din ang alikabok so siguro, kayo ang makapipigil nun para wag ng pabyahihin dahil sa Republic Cement pag may violation, ang mga truck nila walang safety ang ilalim, yung kanilang fan, mahina man ang takbok kaya hindi magabok so nasa inyo ang kuwan nun.

**Engr. Nestor Hubac:** Salamat Ka Domeng, yung mga truck ban a bumibyahe ng FR, yung mga bagong truck na bumabyahe ng eagle, mga HOWO po yan, maganda po ang kondisyon ng makina niyan. Yung ugong ng makina? Sige po. Checheck-upin natin yung mga truck.

**Elementary Principal:** Ako po ang principal sa elementary, sa tagal ko dito walang kumukonsulta sa aking taga Rapid, kung ano ang nagiging problema ng paaralan, tama po ba? Ilan po ang estudyante namin? 1500 plus, ok po? Narito na rin naman kayo, tingnan niyo ang mga dumaraan, una yung ingay ng truck, may nagreport ba sa na ingay ng truck ay nakakaapekto sa pag aaral ng bata? Meron o wala? Pangalawa, nakikita niyo ang mga truck ninyo walang mga takip sa ibabaw, pangatlo yung safety na sinasabi niyo hindi nagrereport sa akin yung inassign ninyo e, kaya hindi ko po kilala bilang principal. Tama po ba? Hindi po nag rereport sa akin, kaawa na yung mga estudyante ko sa alikabok oh, pang apat nag inspect ba yung mga kuwan ng

Rapid? May kasama bang other agency? Wala, kayo lang din ang nag iinspect hindi kayo nag konsulta ng isang agency na kung saan mag mimiddle sya, kung ako ang ahensya ng isang gobyerno, kung ano ang findings ko yun ang irereport ko, hindi yung tao ko ang magrereport ng mga problema, tama po? Yun po ay maganda. Sunod po, Sige, obserbahan niyo po pano ang pag taas ng truck, narito ang sanggunian, pinaobserve ko sa kanila kung ano yung sitwasyon ng paaralan, alam po nila yan, yung over speeding totoo po yan, ang aking Supreme Student Government sabi ko gumawa kayo ng sulat, iparating niyo sa taas, hindi ako taga Teresa, pero concern ako sa mga batang Teresa, totoo po yan, kahit anong paganda ko sa eskwelahan, libu-libo po ang ginagastos ko, pondo ng paaralan, pagpapaganda ng paaralan, tingnan niyo, kahit anong bagong gawa ng building naming, alikabok po ang aming napapala, ako po pag pumapasok, meron akong gas mask sa totoo lang po, e yung estudyante ko po ay naglalakad. Yung pag didilig ok sana e, ang problema pag natuyo, pag nahulog ang lupa galing dun sa truck, wala na naman. So napakarami naming problema walang kumkunsulta sa amin, na sir meron po ba tayong problema diyan, ang aking sakop po ay kabilaan, sakop ko pong dalawa yan, problema ko po, wala akong pampasweldo sa security guard ng paaralan. Dalawa po, pero open ang aking gate kabilaan, pag pasok mo sa gobyerno naman, kung ano ang available na pondo yun ang gagamitin, may nagreport saakin noon na binabayaran daw ng Rapid, nariyan. Binabantayan ang bata pag tawid, kung nroon ako, saka pipito. Pumito ka, hindi ko alam kung nasan na yun, nawala na. Kasi hindi nag sabi sa akin na, sir ako po ay binabayaran ng Rapid. Sana nagsabi sa akin, ang report po na yan ay hindi nanggagaling sa aking kaguruan hindi nanggagaling sa mga bata, ako po mismo ang nakakakita, bilang punong guro. Magtatatlong taon na po ako dito, ako mismo ang lumalakad hanggang kay mayor kung ano ang gagawin naming diyan, naglagay kami ng isang pagharang doon, tinanggal nung isang truck, hahabulin ba namin? So sa totoo lang ang pinaka apektado ay paaralan. Mabuti sa aking panahon ay wala pang nababangga na bata, pero once na may nangyari sa aming estudyante kahit saan tayo makarating kasi estudyante naming yan e, yun po ang lagi nating tatandaan. Hanggang ngayon, hinihatay ko kung sino ang magkukuwan sa aking opisina, laging bukas ang aking opisina. Naghihintay lang po ako kung sino ang kakausap, bilang independent party, alam niyo na po. Lahat po ng bubuksang quarry site dito po dadaan sa kalsadang ito. Kung 100 ang truck times two yan dahil madadagdagan kayo ng lugar. Tama po ba? Kaya ako ay nalulungkot e, kasi gusto niyo magtaras tayo kung ilang trucks ang dumadaan diyan. Sa dami pati basura dyan dumadaan e. Siguro ito na yung time para marinig ninyo ang sintemyento ng paaralan, hindi ko alam kung ano ang sintemyento naman highschool baka meron din po. Open po kami wala pong problema, that is for the development of the barangays wala po akong tutol. Kaya lang lahat ng dadaanan ninyo ay sana ay walang masagasaan, masagasaan ang kalusugan, masagasaan sa safety nila yun lang po. Maraming Salamat.

**Engr. David Pagalilauan:** Maraming salamat po sir, Icoconsider po namin yung mga naiminungkahi ninyo at siguro one of this days si Rapid City ay pupunta po sa inyo lalong lalo na po ang aming ComRel na si Armando Rutaquio, ang gusto lang naming ipahiwatig sa ngayon ay, opo nacoconsider po namin na yung kalsada po na to ay kailangan po namin magkaroon ng safety measures, ang Rapid City po commitment niya po yun, gusto lang po namin na ipamahagi, alam po natin na yung Pantay Buhangin ay kumukonekta mula Teresa hanggang Marcos Highway di po ba? So parang national road na po to e. Datapwat, gusto man po naming na ilagay sa ayos itong lahat ay gagawin namin, siguro kalahati ng dumadaan o kulang naman sa kalahati siguro ay nanggagaling sa Rapid City, nakikita po sa amin ang responsibilidad pero yung karamihan po diyan, alam po nating na sa ibang lugar po nanggagaling ang mga dumadaan pero none the less po, maraming salamat at naiparating niyo sa amin at yun nga po iconocommit namin na ang aming community relation officer ay pupunta po sainyo sir. Thank you very much.

**Tito Muana:** Goodmorning po sa ating lahat, aside po sa SDMP, Social Development Program natin, meron po tayong naimplement na batas na 20% utilization program ng ating neighbor source, ang Rapid City po ba ay makakapagcommit ng ganun, yun po ang una kong tanong.

**Armando Rutaquio:** Pakiulit nga po Secretary.

**Tito Muana:** Aside po sa SDMP natin, meron po tayong pinaiiral na batas na utilization program, 20% utilization program of any project so consider na project yan iyong iyan, ang barangay Dalig ba ay makakaasa na magcocommit sa 20% utilization program?

**Armando Rutaquio:** Para pong hindi po masyadong yung 20% utilization program, pero yun pong naaayon sa batas, yung ating Social Development Management Program yan po yan po ang ating ipinapatupad na 1.5% ng annual operating cost ng Rapid City, ay yan po ay nilalaan namin para sa community para sa development ng community, para sa IEC, para sa development of mining technology at alam po naman siguro ng nakakarami dito na napakaraming ayuda o tulong ang ibinibigay ng Rapid City sa community at ngayon pong taong ito ay nagkaroon din kami ng panibagong programa kasi merong pagbabago ang mga activities o mga targets base po doon sa isinagawa naming planning workshop na dinaluhan po ng brgy council, nung kami ay nag meeting sa brgy hall at ngayon po ay merong pagbabago, at ang isang natatanging pagbabago ay yung kagustuhan ng community na magkaroon ng training sa dress making at ito pong activity na ito ay sa tulong ng ating kapitana, kokontak dito sa Pantay Elementary School para kung ano man ang kanilang uniforms ng mga estudyante, gumraduate sa dress making ang ating iinvolve at magbibigay po ang Rapid City ng makina panahi pag nagkaroon na po ng pagttraining na yan. At marami pa pong mga ibang activities ang ating isasagawa ngayong 2019 at lahat ng yan ay para sa pag tulong sa community ng Barangay Dalig.

**Tito Muana:** Pangalawang tanong po, gaano po kalalim ang tolerance natin sa pag eextract ng mga minerals? Ano po ang tolerance?

**Armando Rutaquio:** Siguro po ang ating mining engineer ang makakasagot diyan.

**Engr. David Pagalilauan:** Ah yung sa lalim po, yun po yung isa sa pinag aaralan pa namin, kung hanggang saan yung pwedeng deposito na makuha namin na safe po ang lahat, yung lalim po sa ngayon hindi pa namin mafinalize sa inyo, isasama po namin dun sa EIA study po yun. Pagbalik po namin dito, dun sa pagnatapos yung pag-aaral baka nandun na po yung kasagutan po, pero icomconsider po namin at least po ngayon na itanong niyo na po yung mga limitations namin.

**Engr. Paulo Noni Tidalgo:** Yung area kuquarryhin nung kompanya, pati yung surface rights actually ay sa kanila din, so maaasahan po natin na kung ikaw ang may ari ng lupa, syempre ayaw mong pagkatapos mo mag quarry ay hindi mo na mapapakinabangan so gaya nung mga nauna nilang mga project, kinoconvert nila ito with another partner, parang ginagawa nilang subdivision so sa tingin po namin na independent group, ang tingin po namin ay hindi po sila talaga maghuhukay ng malalim kasi icomconvert nila sa subdivision yung area, baka icomconvert. Pero gaya po sinabi ni Engr. David syempre sa Rapid, pero kung titingnan natin ang historical ba, yung ginagawa nila dun sa mga dating project yung mined-out na, ginawa nilang subdivision.

**Resident 1:** Tama po yung principal natin dito sa Pantay Elementary School, ano po. Ang binanggit po niya yung vicinity niya, hindi po niya binanggit ang buong dinadaanan ng Rapid City saan po ba papunta ang sasakyang ninyo mula doon sa inyong operation? Saan po ang punta nyan?

**Engr. Nestor Hubac:** Nagdedeliver po tayo sa Republic Cement.

**Resident 1:** Ah yun nga po, ang sinasabi ko po, maiksi po yung sinabi ng ating principal, vicinity nya po yun e, hanggang diyan, pero yun pong magmula galing dito hanggang doon syempre po vicinity po yan ng Brgy. Dalig, dapat po yung aming kapitana ang mag aano doon, papuntang Bagumbayan, di po ba? Lumulusot kayo papuntang FR. Dalawa lang po ang aking tanong. Kayo po ba ay may safety engineer? Wala po yata kayong safety engineer. Sa totoo po lamang kailangan, requirement po ng isang nagmimina ang safety engineer.

**Engr. Nestor Hubac:** Ako po ay mining engineer at the same time ako po ay safety engineer, ako po ay pollution control officer, so PCO, at safety officer. PCSO.

**Resident 1:** Kaya po. Tama po ang sinasabi niya, kasi po yung alikabok wag po nating sabihin sa inyong lahat yun nanggagaling pero ang sabi po ng mga taga rito, yun pong sasakyan ninyo ay wala yatang tabon man lang sa taas, na kung sakaling bumagsak yung mga idedeliver na silica. Syempre po, yun po ang mag cause kung bakit tayo nagkakaroon ng alikabok at tsaka ano po ba ang ibinibigay niyo sa mga driver ninyo, di po ba dapat may maximum po kayo ng bilis. Gaano po ba kayo mabilis tumakbo, kasi yun po ay hindi pwedeng mabilis.

**Engr. Nestor Hubac:** So ang limitasyon diyan ay 10km/hr po. Pag walang laman 20 km/hr.

**Resident 1:** Hindi po nasusunod ang 20 ata, parang ang bilis

**Engr. Nestor Hubac:** Siguro titingin tayo ng radar para hulihin natin yung mga lumalabag at hindi lang sasakyan naming ang dumadaan dito, maraming dumadaan na Coral maraming dumadaan na galing Baras dahil ito, ay highway ito ngayon, wala po kaming karapatang hulihin ang hindi amin.

**Resident 1:** Gaya nga po nung nabanggit ko, hindi lang po kayo ang dumadaan diyan, kumbaga concern lang kayo, kayo po ang may load ng mga panambak na mga silica na nahuhulog po sa kalsada, sana po e yun pong amin, pag aabot balita lang po sa inyo na sana po yung inyong mga sasakyan ay pigilan niyo ang speed dapat merong bubong, dapat dinidiligan talaga, dahil ganun po talaga, hindi po dahilan yung sinasabi nilang madudulas sila yun po ay talagang inyo pong gawain para sa inyong kompanya. Yun po lamang. Salamat po.

**Engr. Nestor Hubac:** Sa experience ko mas epektibo yung wawalisan na lang kasi pag diniligan mo yung alikabok pag natuyo yun ay magiging alikabok din yun. At sabi nga ni principal, pagreportin natin kap yung dalawang traffic aide sa kanya para siya ang magbibigay na ng direksyon.

**Dominator San Diego:** Engr pwede po ba lagyan ng cctv? Yung lugar ng mamonitor natin kung sino yung tumatakbo. Mas maigi ng maglagay ng cctv para malaman natin kung anong sasakyan yun talagang problema.

**Engr. Nestor Hubac:** Siguro, mag donate na lang ng cctv, under sa control ng principal or sino man ang katiwala nya dito, makikita natin yung mga violators.

**Kagawad Cris Palcoto:** Goodmorning po, ako po si Kagawad Cris Palcoto, ang katanungan ko lang po, sa mga magulang po na nandito at sa mga tao, so tatanong ko lang po magkano po ba

ang allowance ng dalawang traffic enforcer na sa maghapon po ay nagbabantay para sa mga truck sa oras po ng pasukan at uwian po ng estudyante, yun lang po.

**Armando Rutaquio:** Meron po tayong ibinibigay na allowance dun sa mga traffic enforcer na naka assign dito sa tapat ng Pantay Elementary School, at ang ibinibigay po naming diyan through the barangay captain quarterly ay 18,000 po yan, sa isang buwan ay 6,000 ang kanyang allowance, kaya lamang po, nitong nagkaroon kami ng deliberation doon sa Regional Office, tungkol doon sa renewal ng ating 5 Year SDMP, ay binanggit po ng ating regional director na alisin na lang sa SDMP yung mga binibigay natin dito, kasi ang sabi niya ay hindi yan SDMP iyan ay Public Safety, kaya iyan ay dapat doon sa EPEP, Environmental Protection and Enhancement Program kaya ngayong pong taon na ito ay wala na sa SDMP yung binibigay nating ayuda sa traffic enforcer kundi nandun na po siya sa EPEP kay Engr. Nestor Hubac.

**Kagawad Cris Palcoto:** Yun po bang 6,000 ay individual po ba yun o sa dalawa na?

**Armando Rutaquio:** Sa pagkakaalam ko po, para sa isa Ing po yun e. Para sa isang tao.

**Kagawad Cris Palcoto:** Ah 6,000 po para sa isang tao?

**Armando Rutaquio:** Kasi po nung una 5,000 lamang ang ibinibigay namin e, pagkatapos sabi ni Brgy Captain Casiano ay sinabing gawin na lang 6,000.

**Kagawad Cris Palcoto:** So ang dalawang traffic enforcer po is 12,000?

**Armando Rutaquio:** 6,000 sa isang tao

**Kagawad Cris Palcoto:** Pero 12,000 kasi dalawang traffic enforcer

**Armando Rutaquio:** Ay baka po ay counterpart ng barangay kasi po sa SDMP lang po ay 6,000 po. Ay ganito po pala ang istorya nyan, ginawa ni kapitana na dalawang tao pero ang ibinibigay namin ay 6,000 lang.

**Kagawad Cris Palcoto:** Kaya nga po, kaya nga po siguro nakikita niyo ngayon na wala po tayong traffic enforcer dahil sa kadahilanang po na alas syete po ng umaga nandun na po siya, hanggang uwian ng mga estudyante, yun po bang 3,000 ay sapat na sa pamilya niya, kasi yung inaano po nila kasi, ok na po ang 6,000 wala pong problema, ang problema po ay 6,000 ay naghati pa sila.

**Armando Rutaquio:** Yan po ay allowance lamang, hindi po yan ang talagang yung buong araw na sweldo, parang allowance lamang po yan.

**Kagawad Cris Palcoto:** Yun po ay naitanong ko lang po, para kung sakaling magtanong po ang mga magulang dito, mga tao dito na tuwing nagtrabaho po ang traffic enforcer doon ay nagtatanong kung magkano po ba ang allowance nyan, at least po nanggaling po sa inyo kung magkano ang natatanggap nilang allowance, so yung mga magulang po na nandito hindi na po sila magtatanong kung magkano po ba natatanggap na allowance niyan, yun lang po.

**Jason R. Velgado:** Magandang umaga po, sa amin po naman kasi, ngayon ay nagpag uusapan natin is more on alikabok so dumaan po ang tag ulan sa highschool, sa national highschool, naging problema po namin ay yung tubig, na nanggagaling po sa taas papunta sa kabilang building, so yun po yung isa naming naging problema, na binigyan namin ng pansamantalang solusyon, hinukayan naming ng pang samantalang kanal , ngayon nais ko pong malaman kung ano naman po ang programa para sa tumatakboong tubig pagdating ng tag-ulang.

**Engr. David Pagalilauan:** Sa ngayon po sir, sa present operation namin, actually kinocontain na po namin lahat ang tubig within po doon sa quarry namin, naglalagay po kami ng mga siltpond pero para dito sa project po na'to, sinasama pa din po doon sa study kung saan talaga tumatakbo yung mga tubig at pagdating dun, isasama po doon sa quarry design kung saan naming patatakbuhan yung tubig na hindi rin po makakaapekto sa inyo.

**Jason R. Velgado:** Nabanggit nyo po na isasama sa study niyo yung flow ng tubig, ay medyo matagal na po yata yung operation dito, nabigyan po ba ng study kung saan talaga tumatakbo yung tubig nung mga nakaraang operation? Bale wala yatang programa para dun.

**Engr. David Pagalilauan:** Yung itong area po na ito sir, yung time po na yun, nalagyan po yan pero meron yatang ibang nadaanan po yung tubig na yun, pero yun nga po yung pangyayari na to, yung nangyari nung nasama na to ngayon lalo naming pinaigting yung para doon sa present sir a, yung nangyari last year, pinaigting na po namin yung mitigating measures dun sa taas para hindi na po maulit yung nangyari po sa inyo.

**Engr. Nestor Hubac:** Sir kung may panahon ka, pumasyal ka sa quarry namin, dito sa pozzolan, ang entrance po niya, dati may rampa, ganun, ganun na po siya baliktad na, so kung may tubig man na dumadaan dito sa kanal natin galing yan sa dito sa bandang itaas, sa kalsada, sa highway, itong sa likod meron po tayong tatlong catchbasin na sumasala sa lahat ng, di ba pag tuwing umuulan may kasamang lupa lupa, dadaan muna sila doon sa 5 meters by 4 meters by 3 meters deep na siltation pond, doon po muna dadaan ang tubig at kung sakali napuno yun, ang

apaw niya wala na siyang dalang lupa, so kasama po yan sa minomonitor ng MGB bawat quarter, kasama po natin dito ang kinatawan ng brgy, kasama po natin si Ka Domeng, so lahat po sila nagmomonitor sa amin every quarter throughout the year so four times.

**Jason R. Velgado:** Sige po, kasi last time po yun po ang naging problema yung nagcoconstruct dun, yung kanilang ano nababak pa ang kanilang flooring dun tapos yun pong isang building po namin na apat na palapag dun kung napapansin nyo pag kapinasyalan ninyo yung isang side medyo nabababak na rin po yung pondasyon.

**Engr. Nestor Hubac:** Ah kung really concerns, willing naman kaming tutulong sa inyo at itong sa may kanal dito meron kaming regular na cleaning pag tag ulan, tumutulong kami sa pag huhukay ng mga naipon na lupa diyan sa school, yun lang po ang aming kontribusyon lalo na tuwing brigade eskwela.

**Jason R. Velgado:** Tuwing brigade eskwela lang po? Once a year lang po.

**Engr. Nestor Hubac:** Hindi po pag tag ulan pag naipon ang lupa dyan, tumutulong kami pero yung lupang yan hindi galing sa quarry naming pero yun, corporate social responsibility ng kompanya na bilang stakeholder din kayo, tutulong kami sa paligid namin.

**Jason R. Velgado:** Isa pa po, bilang representative naman ng mamamayan dito sa Pantay, dahil dito rin po ako nakatira, ang naging concern lang po natin yung kalsada, ngayon pano po ang mga alikabok na pumupunta sa bawat bahay hindi lang po sa eskwelahan kundi pati yung mga bahay?

**Engr. Nestor Hubac:** Yun nga po, sa akin lang pananaw mas epektibo siguro yung wawalisan na lang natin kesa didiligan natin.

**Jason R. Velgado:** Hindi naman po sa kalsada ang naging concern namin, kundi, hindi nga po kami makapagsampay ng nilabhan namin sa labas kasi parang inarmirol na pag kuha mo, pwede na pong tumayo.

**Engr. David Pagalilauan:** Yun nga po sir, alam po namin na yung alikabok, kung saan nanggagaling po yan, galing po yan sa kalsada po yung main cause po nung alikabok e galing don sa kalsada dahil doon sa mga sasakyang dumadaan. Tulad po nung nabanggit namin kanina, we are implementing some mitigating measures and dito sa project po na ito, isasama po lalo kung ano ang mas magandang gawin po namin para doon sa alikabok po na yun, inaamin po namin, contributory kami doon sa alikabok pero hindi po lahat nung alikabok na yun ay galing

dun sa operation, alam namin may kunting contribution po kami doon, ang sabi ko nga po kanina, alam po nating itong pantay buhangin road wala na tong pagkakaiba doon sa national highways po natin na napapadaan po lahat, pero ganun pa man, si Rapid City po para sa ikapagpapatuloy po nungg proyekto at pag papaunlad po kasama po kayo. Isasama po namin doon sa pag aaral mga factors na nag cacause doon sa alikabok.

**Jason R. Velgado:** Opo. Ang suggestion ko lang po, yun po bang mga truck na lumalabas bukod sa may takip, dinidilig din po ba ang ibabaw nun bago ilabas?

**Engr. David Pagalilauan:** Ah hindi po kasi sir, kasi merong requirement yung mga buyers kung gano lang, na dapat tuyo din po yung kukunin nila.

**Jason R. Velgado:** Siguro yung pinakasurface lang, bago dumating dun sa kanila, bago man lang lumabas dito sa ano, na less na yung lilipad na alikabok. Pagdating naman doon sa buyer sigurado tuyo na na yun.

**Engr. David Pagalilauan:** Sige po sir, isasama po namin, icoconsider po naming yan dun sa mitigation measures.

**Kagawad Cris Palcoto:** Isa pang katanungan pa po, kasi po dito sa may Foremost area, nag clean operate na po ang barangay diyan so nagtanggal po kami ng mga buhabuhangin at putik sa kanal, so yun po siguro pag nadaanan niyo po ulit puno na naman po ng putik at buhangin doon po sa harap ng Foremost sa kanal po. Galing po sa taas pababa po.

**Brgy. Kagawad:** Sino po ba sir ang nangangasiwa sa regular na pagtanggal ng mga lupa sa kanal na yan?

**Engr. Nestor Hubac:** Papatanggal natin yan, tutulong kami, kausapin ko si Sir Dom. Ipatanggal natin.

**Brgy. Kagawad:** Sir correction lang po kay engr, sir yung tungkol po doon sa alikabok na nabanggit nyo kanina meron lang po kaming kunting correction yung sinabi na maliit na volume, sir pasensya na po a, sa tingin namin mas malaki ang porsyento ng kontribusyon ng alikabok dun sa inyo kasi ang karga po ng truck ay laging alikabok so sa tingin ko po mas malaki ang kontribusyon ng alikabok ng inyong mga truck kesa sa alikabok ng mga dumadaan na sasakyang dito, kaya pasensya na po kung laging natatanong ang alikabok kasi ang truck po natin puro lupa ang dala-dala, tingin po namin hindi maliit na porsyento kundi malaking porsyento po ang ambag na alikabok para po doon sa mga naaapektuhan. Yun lamang po.

**Engr. David Pagalilauan:** Noted sir.

**Teresa Curbi:** Isa pong magandang umaga po. Ako po si Teresa Curbi, Bilang naninirahan po dito sa Pantay, sa katunayan po talaga, totoo po talaga yun, pag umuulan po talaga, doon po kay Mr. Sy ang mga magulang ko po ay naninirahan dun bilang isang caretaker, ang sa katunayan po talaga pag malakas talaga ang ulan, talagang giba po talaga, nabibiyak po talaga yung lupa, sa katunayan yung room dun na pinakabagong gawa, nabiyyak po talaga. Sa pangalawa po, nandito na din naman po si kapitana, During may school, sana po naman, hihingi po kami ng brgy tanod sa highschool at tsaka dito sa elementary kasi nga po pagkalabasan nga po ng mga bata wala po talagang bantay, katulad po nung isang araw may nag aaway po, may nag saksakan, bilang mamamayan ng Pantay, concern citizen lang po kami, sa katunayan kailangan may magbabantay po talagang tanod, yun lang po.

**Respondent 2:** Sir magandang umaga po, magtatanong lang po ako sa mga nandirito, sir kagaya po sa amin sa likod, di ba yung pasabog po, umaapekto dun sa may bahay namin, lahat po kami doon, ano pong magandang concern na pwede niyong iabot sa amin na tulong?

**Dominator San Diego:** Mam pag may nag bblasting po doon sa lugar ninyo, meron po tayong tinatawag na vibrometer, yung pong vibrometer na yun ay malalaman po kung standard yung blasting na tinatawag. Nagkakaroon po, halimbawa po malakas para pong lindol pero every blasting po naroon po ako, nagmomonitor, ngayon kada blasting andun po ako sa tapat ng vibrometer pag po may blasting nirerecord ko po yun, pinipicturan ko kasi po may report po ako sa DENR at sa MGB tuwing magkakaroon po kami ng Mine Rehabilitation Committee lahat po ng reklamo niyo ay dust, at kay sir yung principal po, meron po kaming kasama na isa pong principal si Mrs. Ramos po, Once po kami nagmomonitor may kasama po kaming taga health, senior citizen, principal po may kasama din kami si Mrs. Ramos, kasama po namin pag kami ay, quarterly po. Sa palagay ko po ay hindi kayo naabisuhan ng principal na yun.

**Principal Elementary:** Hello, ngayon lang po yun, magtatatlong na po ako dito. Tama po ba? Ngayon lang po yan nangyari tama po ba ako? Ngayon lang nagsama ng isang department of education sa pagmomonitor ninyo sa buong Teresa, ako po ay nagkamali?

